ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

SINING NG SALITA (TALUMPATI AT PANGKATANG PAGPAPAHAYAG): PAGPAPAHUSAY SA KUMPIYANSA SA PAGSASALITA SA WIKANG FILIPINO MULA SA IKA-10 BAITANG

Glydel D. Bastasa[1], Cristine Mae T. Mompol[2]
https://orcid.org/0009-0008-3356-2415[1], https://orcid.org/0009-0004-7235-1435[2]
[1,2]Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22618
DOI No: 10.36713/epra22618

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong mapalakas ang kumpiyansa at husay ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino sa pamamagitan ng isang interbensyong tinatawag na Sining ng Salita, na binubuo ng mga gawaing talumpati at pangkatang pagpapahayag. Isinagawa ang pag-aaral gamit ang pre-experimental na disenyo na may pre-test at post-test upang masukat ang epekto ng nasabing interbensyon. Ang mga kalahok ay mga mag-aaral sa ikasampung baitang, seksyon Aluminum ng Kapalong National High School. Lumabas sa resulta ng pagsusuri, natukoy na mababa ang antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pre-test, subalit nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa post-test matapos ang implementasyon ng interbensyon. Batay sa estadistikong pagsusuri, gamit ang paired sample T-test, lumitaw ang makabuluhang pagkakaiba sa dalawang pagsusulit; sa interbensyong talumpati ay may t (59) = 35.542, p<.001 at sa interbensyong pangkatang pagpapahayag ay may t (7) = 11.964, p<.001 na kung saan lumabas na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang ginawang paglalapat sa interbensyong Sining ng Salita. Nagpapatunay na naging epektibo ang Sining ng Salita bilang isang estratehiya upang mapaunlad ang kakayahan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Bilang konklusyon, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang integrasyon ng mga gawaing tulad ng pagtatalumpati at pangkatang pagpapahayag sa mga klase upang higit pang malinang ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

SUSING SALITA: *Talumpati, Pangkatang Pagpapahayag, Kumpiyansa, Pagsasalita Sa Wikang Filipino, Pre-Experimental Na Pag-Aaral, Ikasampung Baitang, Kapalong, Pilipinas.*

INTRODUKSYON

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang mga konsepto ng edukasyon upang matukoy at masolusyunan ang isang suliranin. Tinutukoy dito ang paggamit ng interbensyon, kabilang ang layunin, pagsusuri ng mga kaugnay na literatura, at mga hakbangin upang mapaunlad ang kumpiyansa sa sarili ng mag-aaral. Ang kumpiyansa sa sarili lalo na sa pagpapahusay sa pagsasalita ng wikang Filipino ay isang mahalagang aspeto ng epektibong komunikasyon, ay may direktang epekto sa pagkatuto at pakikisalamuha sa klase. Ayon kina Nadiah et al. (2019), ang pagsasalita ay susi sa pag-iisip at pagpapalitan ng ideya. Ipinakita nina Wahyuni et al. (2021) na ang pagsasanay sa *public speaking* ay mabisang paraan upang mapalakas ang tiwala sa sarili. Dagdag pa, binigyang-diin nina Aulia at Ningsih (2023) na ang mataas na kumpiyansa sa pagsasalita ay may positibong epekto sa akademikong pagganap.

Sa mga bansa tulad ng Indonesia, Thailand, at Vietnam, napatunayang karaniwang hadlang sa pagsasalita ng Ingles ng mga mag-aaral ang mababang kumpiyansa sa sarili, takot na magkamali, at pagkabalisa. Sa Indonesia, iniulat nina Afri et al. (2021) na maraming estudyante ang hindi aktibong nakikilahok sa klase dahil sa limitadong bokabularyo at takot sa maling pagbuo ng pangungusap. Sa Thailand, ipinakita nina Wongpiromsarn et al. (2020) na ang mataas na antas ng *foreign language anxiety* ay nagpapahina sa kakayahan ng mga estudyante na magsalita ng Ingles. Sa Vietnam naman, ayon kina Trang at Baldauf (2007), bagama't may sapat na kaalaman sa gramatika ang mga mag-aaral, ang kakulangan sa tiwala sa sarili at labis na *anxiety* ay humahadlang sa kanilang epektibong paggamit ng wika. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga sikolohikal na salik ay pangunahing balakid sa pagkatuto at paggamit ng Ingles sa mga bansang ito.

Sa Pilipinas, kinikilala ang kakulangan sa kumpiyansa at kasanayan sa pagsasalita ng Ingles at Filipino bilang pangunahing suliraning nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang rehiyon. Sa Quezon City, natukoy nina De Guzman at Ramos (2022) na mataas ang antas ng *anxiety* ng mga mag-aaral sa paggamit ng Ingles, na nagiging dahilan ng kanilang pag-aatubili na makilahok sa talakayan sa klase. Ang kakulangan ng kumpiyansa ay nagpapahina sa kanilang kasanayang pangkomunikasyon at bumababa ang kanilang akademikong pagganap. Sa Cebu City naman, ipinahayag nina Santos at Velasco (2023) na kapwa sa Ingles at Filipino, nahihirapan ang mga estudyante sa pagsasalita dahil sa limitadong kasanayan at mababang tiwala sa sarili, na humahantong sa mabagal na progreso sa pagkatuto at kakulangan sa partisipasyon. Bilang tugon, iminungkahi nilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

gamitin ang mga interaktibong estratehiya sa pagtuturo upang mapasigla ang aktibong partisipasyon at malinang ang kumpiyansa ng mga mag-aaral. Sa Digos City, napag-alaman nina Ranque et al. (2024) na ang kahinaan sa paggamit ng wikang Filipino ay nagdudulot hindi lamang ng mababang marka kundi pati ng kawalan ng interes sa pag-aaral ng sariling wika. Sa halip na gamitin ito, mas pinipili ng mga kabataan ang paggamit ng ibang wika, na sumasalamin sa unti-unting paghina ng Filipino bilang midyum ng komunikasyon. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mababang kumpiyansa sa sarili at kakulangan sa kasanayang lingguwistiko sa Filipino man o Inglesk ay may malalim na epekto sa partisipasyon, interes, at pagganap ng mga mag-aaral, kaya't nararapat lamang na tugunan ito sa pamamagitan ng epektibong interbensyon at makabagong estratehiyang panturo.

Sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular sa Kapalong National High School, namumukod-tanging hamon ang mababang kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang, lalo na sa mga gawaing akademiko tulad ng oral recitation, talakayan, at presentasyon. Sa ginawang *field study internship* ng mananaliksik, Nakita at naobserbahan na maraming mag-aaral ang nagpapakita ng pag-aatubili, labis na hiya, at takot na magsalita sa harap ng klase, na nagreresulta sa limitadong partisipasyon at pagkaantala ng daloy ng talakayan. Ang ganitong sitwasyon ay hindi lamang nakaaapekto sa interaktibong aspekto ng pagtuturo kundi pati na rin sa kabuuang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagama't may mga hakbang na ipinatutupad ang mga guro katulad ng pagbibigay ng mga gawain, *peer group sharing*, at pagsasanay sa mas malayang pagpapahayag ngunit hindi pa rin ito sapat upang matugunan ang umiiral na suliranin. Nananatili pa ring malaki ang bilang ng mga mag-aaral na hindi interesado o komportableng gamitin ang Filipino bilang midyum ng komunikasyon sa klase. Bunga nito, lumalala ang kakulangan sa kasanayang pangkomunikatibo at bumababa rin ang antas ng akademikong pagganap. Ang patuloy na pag-iwas ng mga mag-aaral sa paggamit ng sariling wika sa mga pormal at akademikong konteksto ay nagpapakita ng pangangailangang magpatupad ng mas makabuluhang interbensyon upang mapataas ang kumpiyansa, interes, at kasanayan nila sa epektibong paggamit ng wikang Filipino.

Sa ibang pag-aaral, tulad ng isinagawa nina Briones et al. (2023) na pinamagatang "*English only please? Students' views of their self-confidence in spoken English in a Philippine state university,*" tinalakay kung paano tinitingnan ng mga ikalawang taon na mag-aaral ng English *major* ang kanilang kumpiyansa sa pagsasalita ng Ingles at ang mga estratehiyang ginagamit nila upang mapabuti ito. Ipinakita sa pag-aaral na ang pinakakaraniwang paraan ng pagkatuto ay ang mga tradisyonal na pamamaraan, tulad ng pagbabasa ng mga libro at nobela, pati na rin ang iba pang mga karaniwang estratehiya sa pagkatuto na hindi nasaklaw sa kanilang pag-aaral. Gayundin, sa pag-aaral naman ni Cadiz-Gabejan (2021) na may pananaliksik na *"Enhancing Students' Confidence in an English Language Classroom"* na naglalayong siyasatin ang persepsyon ng mga mag-aaral tungkol sa pag-unlad ng kanilang kumpiyansa at suriin ang mga estratehiya na maaaring ilagay upang mapabuti ang kumpiyansa ng mag-aaral sa pagsasalita. Ang nabanggit na mga pag-aaral ay pagpapahusay ng kompyansa sa pagsasalita ngunit hindi para sa ika-8 at ika-9 na baitang at iba ang mga interbensyong ginamit upang matugunan ang suliranin. Ito ay magiging batayan ng mga mananaliksik na makita ang pangangailangan na magawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang epekto ng interbensyon sa pagpapahusay ng kompyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino sa ika-8 at ika-9 na baitang mula sa Kapalong National High School (KNHS).

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag) ay magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na malinang ay ang positibong pag-uugali sa akademikong gawain ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang. Ang mga katanungan sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng mga mag-aaral sa pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang bago ipatupad ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang pagpapahayag).
2. Ano ang mga antas ng mga mag-aaral sa pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang sa matapos ipatupad ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang pagpapahayag).
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino bago at pagkatapos ipatupad ang interbensyon Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang pagpapahayag)?
4. Ano ang pananaw ng mag-aaral kaugnay sa isinagawang interbensyon?

HAYPOTESIS

Ang *null haypotesis* ay susukatin sa 0.05 na antas ng katiyakan na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba ang Pre-test at Post-Test matapos ang ginawang interbensyon na Sining ng Salita: (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag)

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

IMINUNGKAHING INOBASYON, INTERBENSYON AT ESTRATEHIYA

Aspeto	Talumpati	Pangkatang Pagpapahayag	Pangkalahatang Proseso
Layunin	Paghusayin ang kumpiyansa ng mag-aaral sa indibidwal na pagsasalita sa wikang Filipino.	Linangin ang kumpiyansa at kolaboratibong kasanayan sa pagpapahayag gamit ang wikang Filipino.	Palakasin ang interes at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa Filipino sa tulong ng makabuluhang interbensyon.
Mga Hakbang	1. Pagbibigay ng paksa gamit ang 'spin the wheel' o bunutan. 2. Pagbuo ng iskrip (intro, katawan, konklusyon). 3. Pagtatalumpati. 4. Pagtataya gamit ang rubriks.	1. Pagbuo ng mga pangkat. 2. Pagpili ng paksa sa pamamagitan ng bunutan. 3. Paggawa ng iskrip (intro, katawan, konklusyon). 4. Presentasyon. 5. Pagtataya gamit ang rubriks.	1. Pagsasagawa ng planning session kasama ang admin at guro (SIP). 2. Oryentasyon ng mga mag-aaral. 3. Pagkuha ng pahintulot. 4. Pagtutok sa kaligtasan at kapakanan ng kalahok.
Tagal ng Interbensyon	1 buwan (Araw ng Lunes)	1 buwan (Araw ng Huwebes)	1 buwan na implementasyon ng buong Sining ng Salita na interbensyon.
Partisipante	Mag-aaral sa Kapalong National High School ng Grade 10 - Aluminum	Mag-aaral sa Kapalong National High School ng Grade 10 - Aluminum	Sila ang napiling partisipante ng mananaliksik sapagkat sila rin ang nakitaan ng suliranin.
Pagtataya	Gamit ang rubriks sa talumpati.	Gamit ang rubriks sa pangkatang pagpapahayag	Pag-aanalisa ng pre-test at post-test na datos gamit ang istatistikal na paraan upang matukoy ang epekto ng interbensyon.

Ang Sining ng Salita na binubuo ng Pagtatalumpati at Pangkatang Pagpapahayag ay isang interbensyon na naglalayong mapaunlad ang kumpiyansa at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino. Sa Pagtatalumpati, binigyan ng paksa ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng bunutan o spin the wheel, sumulat sila ng iskrip na may tamang estruktura, at nagtanghal sa loob ng itinakdang oras. Sa Pangkatang Pagpapahayag, ang mga mag-aaral ay binuo sa grupo, nabigyan ng paksa, naghanda ng iskrip, at nagtanghal bilang grupo. Parehong tinasa ang mga presentasyon gamit ang rubrik.

Ang implementasyon ng interbensyon ay dumaan sa masusing pagpaplano kasama ang mga guro at administrador sa pamamagitan ng School Improvement Plan (SIP). Bago ang aktwal na pagsasagawa, isinagawa ang oryentasyon sa mga kalahok kung saan ipinaliwanag ang layunin, proseso, at benepisyo ng programa. Tiniyak ng mga mananaliksik ang kaligtasan, pahintulot, at angkop na oras ng mga mag-aaral upang maging maayos ang daloy ng interbensyon at mapanatili ang kanilang kapakanan.

Matapos ang interbensyon, nagkaroon ng pagtataya at follow-up na pulong kasama ang mga guro at administrador upang masuri ang epekto ng programa. Ipinakita sa resulta na naging epektibo ang Sining ng Salita sa pagpapataas ng kumpiyansa at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pasalitang komunikasyon. Iminumungkahi ang patuloy na paggamit at pagpapalawak ng interbensyong ito bilang bahagi ng makabagong estratehiya sa pagtuturo.

METODOLOHIYA

Disenyo

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng metodolohiyang ginamit sa pananaliksik, kabilang ang disenyo, lokasyon, kalahok, instrumento, at proseso ng pangangalap at pagsusuri ng datos. Layunin ng pag-aaral na masukat ang epekto ng isang interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Ginamit ng mga mananaliksik ang pre-eksperimental na disenyo na may pre-test at post-test na pamamaraan. Isinagawa ito sa Kapalong National High School kung saan ang isang seksyon ng Grade 10 ang napiling kalahok. Sumailalim sila sa interbensyong Sining ng Salita: (Talumati at Pangkatang Pagpapahayag) Pagpapahusay ng Kumpiyansa sa Pagsasalita ng Wikang Filipino sa loob ng isang buwan. Ang resulta ng pre-test at post-test ay susuriin gamit ang angkop na istatistikal na paraan upang matukoy ang naging epekto ng interbensyon.

Higit pa rito, may kabuoang 10 kalahok ang napili para sa kuwalitatibong pangangalap ng datos na nakibahagi sa mga malalim na panayam. Ang mga pananaw at karanasan ng mga mag-aaral na ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa epekto ng interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita sa wikang Filipino.

Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ang saklaw ng *mean percentage* mula sa pinagbatayang pag-aaral ni Raganit (2021) bilang batayan sa pagsusuri ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng interbensyon, natukoy ang kanilang kakayahan at kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino, na nagbibigay-linaw sa antas ng kanilang husay sa pagsasalita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1.
Range of Mean Percentage

Saklaw ng Paglalarawan	Kahulugan	Interpretasyon
90 -100	Napakataas	Ang antas ng kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino gamit ang interbensyon ay laging naipapakita.
75 - 89	Mataas	Ang antas ng kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino gamit ang interbensyon ay madalas na naipapakita.
60 - 74	Katamtaman	Ang antas ng kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino gamit ang interbensyon ay minsan lang naipapakita
40 - 59	Mababa	Ang antas ng kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino gamit ang interbensyon ay bihirang naipapakita.
0 - 39	Napakababa	Ang antas ng kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino gamit ang interbensyon ay hindi naipapakita.

Samantala, sa pagsasagawa ng pag-aaral gumamit ang mga mananaliksik ng mga instrumentong aangkop at tutugon sa layunin ng pag-aaral. Sa pagsasagawa nito, pinili ng mga mananaliksik ng mga piling paksa na kung saan papalawigin ng mga mag-aaral sa pamamamaraang talumpati at pangkatang pagpapahayag. Gamit ang rubrik sa pagsasalita nina Marek et al., (2011) na kasanayan sa pagsasalita ay dito pagbabatayan ang mga puntos na ibibigay ng mga mananaliksik sa pagsusuri ng kanilang mga kahusayan mula *pre-test*, interbensyon at sa *post-test*.

Lokal ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Kapalong *National High School* na isang pampublikong paaralan na matatagpuan sa Maniki, Kapalong, Davo del Norte. Sa paaralang ito, maraming mag-aaral ng nakaranas ng mababang kumpyansa sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Mayroon ding nakilalang mga mag-aaral na may kahirapan sa paggamit ng wastong balarilang Filipino partkular nasa ikasampung baitang.

Sampol at Populasyon

Ang mga respondente ng pananaliksik para sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral mula sa sa seksyong Aluminum ng ikasampung baitang na may kabuong bilang na 60 na mga mag-aaral. Ang mga respondente ay binubuo ng isang seksyon lamang na kasalukuyang nakatala sa taong panuruan 2024-2025 sa Kapalong *National High School*.

Ang mga respondente ay pinili gamit ang *purposive sampling*, isang teknik ng *non-probability sampling* kung saan ang mga yunit ay sadyang pinili batay sa kanilang katangiang kinakailangan para sa pag-aaral. Sa pamamaraang ito, ang pagpili ng mga kalahok ay hindi random; sa halip, ito ay nakabatay sa pagpapasya ng mananaliksik upang matiyak na ang mga indibiduwal, kaso, o pangyayari ay maaaring magbigay ng pinakamahalagang impormasyon para sa pagtamo ng layunin ng pananaliksik. Kilala rin bilang *judgmental sampling*, ang metodolohiyang ito ay nakasentro sa maingat na pagpili ng mga kalahok na may kaugnayan sa paksang tinatalakay (Nikolopoulou, 2023).

Paglikom ng Datos

Ang pagkalap ng datos sa pananaliksik na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng sistematikong hakbang upang matiyak ang bisa at tagumpay ng pag-aaral. Una, isinagawa ang pre-test sa mga napiling mag-aaral sa ika-10 baitang ng Kapalong National High School upang masukat ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Kasunod nito ay isinagawa ang interbensyon na kinabibilangan ng pagtatalumpati at pangkatang pagpapahayag. Ang pagtatalumpati ay ginaganap tuwing Lunes, kung saan limang mag-aaral ang nagtatalumpati nang tatlong minuto batay sa paksa kaugnay ng isyu o personal na karanasan. Samantala, ang pangkatang pagpapahayag ay isinasagawa tuwing Huwebes, kung saan tatlong grupo ang nagpapahayag ng kanilang repleksyon batay sa paksang tinalakay, sa loob ng limang minute.

Pagkatapos ng interbensyon, isinagawa ang post-test sa parehong paraan upang matukoy ang naging epekto ng interbensyon. Ang mga pagtatanghal ng mag-aaral ay sinuri ng eksperto sa Filipino gamit ang rubrik upang matiyak ang obhetibong paghatol.

Bago ang pagsusuri ng datos, ang lahat ng dokumento at tala ay sumailalim sa masusing ebalwasyon ng lupon ng tagapagsuri ng Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology upang matiyak ang pagsunod sa etikal na pamantayan.

Panghuli, isinagawa ang pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos upang makabuo ng kongkretong konklusyon at rekomendasyon. Ang resulta ay muling ipinaberepaso sa mga eksperto sa larangan ng wika upang mapatibay ang bisa, iwasan ang bias, at mapatunayan ang mga natuklasan ng pananaliksik.

Istatistikal na Tritment ng mga Datos

Ang mga sagot sa bawat bilang ng mga talatanungan ay itatala nang naaayon sa layunin ng pag-aaral na ito. Ang resulta ay aanalisahin at bibigyang-pagpapakahulugan gamit ang mga naaangkop na istatistikal tool.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Mean. Ginamit ito upang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa perpormans ng pangkat bago at matapos ang interbensyong ginawa. Ito rin ang gagamitin upang ilarawan ang resulta ng *pre-test* at *post-test.*

Standard Deviation. Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa mean upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa *pre-test* at *post-test.*

Paired-tailed test. Ginamit ito upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test*. Kung ang mean ba ng eksperimental na grupo sa pre-test ay mas mataas o mas mababa sa nakuhang marka sa *post-test.*

Cohen's d. ito ay ginamit upang masukat ang epekto ng makabuluhang pagkakaiba ng pre-test at pos-test. Sa pamamagitan ng cohen's d, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag) sa pagpapahusay ng kompyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Data Reduction. Ang mga mahahalagang datos ay pinili mula sa mas malawak na tala upang tumutok sa mga may kaugnayan sa layunin ng pananaliksik.

Coding. Isinagawa ang sistematikong pag-label ng mga tema, kaisipan, at pattern sa mga sagot at obserbasyon.

Thematic Analysis. Ginamit upang matukoy ang paulit-ulit na tema o damdamin mula sa mga talumpati at pangkatang pagpapahayag ng mga mag-aaral. Ang mga temang ito ay ginamit upang palalimin ang pagpapakahulugan sa resulta at iugnay sa epekto ng interbensyon sa kanilang kumpiyansa sa pagsasalita.

PAGSUSURI NG DATOS

Ang pagsuri ng datos ay mahalagang bahagi ng pananaliksik sapagkat ito ay sumasaklaw sa sistematikong pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos upang makabuo ng makabuluhang mga kaisipan at makakuha ng wastong konklusyon, na naglalantad ng mahahalagang impormasyon sa pangkalahatang pagkaunawa sa pananaliksik. Ang datos ay nakakalap at natipon sa pamamagitan ng mga talumpati at pangkatang pagpapahayag ng mga mag-aaral sa ika-10 na baitang ng Kapalong National High School (KNHS) na susuriin ng masinsinan.

Ginamit din ang rubrik bilang gabay at basehan para sa datos at katangian ng pagsisiyasat. Dahil dito, kaugnay ng mga pinagkunan at datos ng mananaliksik ay anumang impormasyong matatagpuan sa talumpati at pangkatang pagpapahayag Ang mga nakalap na antas ng puntos na nakabatay sa rubriks ay ibunuod, isinalin, inalisa at inihanay gamit ang *t-test* bilang kasangkapan upang hanapin ang kahalagahang pagkakaiba sa pagitan ng mean score ng *pretest* at *post-test.*

Una, ang pangunahing hakbang ay ang pagtukoy sa yunit ng pagsusuri gamit ang rubrik, kung saan ang mananaliksik ay nagbigay pokus sa pagsuri ng mga sanaysay batay sa rubrik. Ayon sa layunin ng pananaliksik alamin ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa pagbuo ng talumpati at pangkatang pagpapahayag bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang mananaliksik ay naglikom at nagpagawa ng mga sanaysay at kapag naipon na ang lahat ng mga sanaysay na isinulat ng mga mag-aaral ay sinundan ang hakbang ng pagsusuri ng dalubwika sa kanilang sanaysay.

Pangalawa, nagkakaroon ng eksperto/dalubhasa sa Filipino bilang tagapagsuri ng talumpati at pangkatang pagpapahayag. Ang dalubwika, kabilang ang mananaliksik ay sinuri ang mga pagsasalita ng mga mag-aaral gamit ang inangkop na rubrik. Ginamit ang rubrik nina Marek et al. (2011) na kasanayan sa pagsasalita na pagbabasehan sa pagbibigay ng puntos sa mga mag-aaral batay sa kanilang pagtalumpati na may limang (5) seksyon na pagsusuri: Kahusayan sa Pagsasalita, Pagbigkas, Baralila, Talasalitaan at Nilalaman.

Susunod, ang *pre-test* na talumpati ay inalisa gamit ang rubrik at ang post-test na talumpati naman na produkto ay dumaan sa proseso o nilapatan nang mga interbensyon ay inalisa din ng dalubwika gamit pa rin rubrik.

Ang panghuling hakbang na inirerekomenda, ang mananaliksik ay nagtagumpay sa pagtatapos ng layuning magbigay ng kasagutan sa mga tanong at magbahagi ng konklusyon at rekomendasyon batay sa mga datos na isinuri ng dalubwika. Sa ganitong paraan, ang sistematikong pagsuri at masusing analisis ng datos ay nagbibigay-daan sa maayos na pagkakamit ng tatlong layunin ng pananaliksik.

RESULTA AT DISKUSYON

Inilahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ito ay nagpapakita ng datos sa antas ng mga puntos sa talumpati at pangkatang pagpapahayag ng mga mag-aaral sa *pre-test* at post-test; ang makabuluhang pagkakaiba ng mga marka ng *pretest* at *post-test* ng mga mag-aaral; at ang mga paraan at pananaw ng mga mag-aaral sa interbensyong ginawa. Kasama sa kabanatang ito ang buod ng mga natuklasan sa mga resulta na sinuri ng mga mananaliksik na ibinigay na datos. Gayundin, ang konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral ay makikita sa kabanatang ito.

Layunin ng Pag-aaral No. 1: Ano ang antas ng mga mag-aaral sa pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang bago ipatupad ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang pagpapahayag)?

Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Bago Ipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag).

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang mga resulta ng paunang pagsusulit, na nagsasaad ng mga antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang bago ipatupad ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati). Gamit ang rubrik sa pagsasalita nina Marek et al. (2011) na kasanayan sa pagsasalita ay dito pinagbatayan ang mga puntos na ibinigay ng mga mananaliksik sa pagsusuri ng kanilang mga kahusayan mula *pre-test.* Sa paunang pagsusulit na isinagawa, makikita sa Talahanayan 3 na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

may dalawang mag-aaral na nakakuha ng pinaka mababang puntos na 11 na kung saan may katumbas na antas na 3.33 na posyento. Habang makikita rin sa resulta ng paunang pagsusulit na may isang mag-aaral ang nakakuha ng pinakamataas na puntos na 22 na kung saan may katumbas na antas na 3.33 na posyento.

Talahanayan 2

Resulta ng *Pre-test sa Sining ng Salita (Talumpati)*

Pre-test		
Iskor	**Prekwensya**	**Porsyento**
11	2	3.33%
12	1	1.67%
13	8	13.33%
14	10	16.67%
15	7	11.67%
16	9	15.00%
17	10	16.67%
18	9	15.00%
19	2	3.33%
22	2	3.33%
Kabuoan	**60**	**100%**

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinuportahan nina Lausa et al. (2024) kung saan natuklasan na isa sa mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay napapabilang ang kahirapan sa pagsasalita, kakulangan sa bokabularyo, pagkalito sa idyomatikong pahayag, at pamamahala ng oras. Samantala, binigyang-diin din nina Culla-Ag et al. (2025) ang kahalagahan ng pagsasanay sa pagsasalita upang mapataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang pangunahing hamon sa pagsasalita ay ang kakulangan sa bokabularyo, ang takot na magkamali, at ang pagkahiya sa harap ng maraming tao. Ang mga salik na ito ay maaaring makaapekto sa tiwala ng mag-aaral sa kanyang kakayahan sa komunikasyon.

Samantala, batay sa resulta ng paunang pagsusulit na ipinakita sa Talahanayan 3, kapansin-pansin ang mababang antas ng kumpiyansa sa sarili ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang bago ipatupad ang interbensyong *Sining ng Salita* (Pangkatang Pagpapahayag). Sa pagtatasa ng kanilang kasanayan sa pagsasalita, gumamit ang mga mananaliksik ng rubrik mula kina Marek et al. (2011) bilang batayan. Lumabas sa pagsusuri na tatlong grupo ng mag-aaral ang nakakuha ng pinakamababang puntos na 13 na may katumbas ng 12.50, habang isang mag-aaral lamang ang nakakuha ng pinakamataas na puntos na 15 na may katumbas ng 37.50%.

Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na sa simula pa lamang ng pag-aaral, kulang sa kumpiyansa ang mga mag-aaral pagdating sa pagsasalita, bagay na maaaring nakaapekto sa kanilang *oral performance*. Ayon kina Ozturk at Gurbuz (2014), ang mababang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa ikalawang wika ay kadalasang may kaugnayan sa kawalan ng tiwala sa sarili, lalo na sa mga pampublikong situwasyon gaya ng presentasyon sa klase. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Gordani et al., (2021) na ang mga salik gaya ng takot sa negatibong puna, pag-aalala sa pagkakamali, at pagdududa sa sariling kakayahan ay malalaking hadlang sa pagbuo ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa harap ng iba.

Talahanayan 3

Resulta ng *Pre-test sa Sining ngSalita (Pangkatang Pagpapahayag)*

Pre-test		
Iskor	**Prekwensya**	**Porsyento**
13	1	12.50%
14	2	25.00%
15	3	37.50%
17	1	12.50%
19	1	12.50%
Kabuoan	**8**	**100%**

Kabuoang Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Bago Ipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag)

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang mga *average percentage scores* ng iba't ibang indikeytor ng kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino bago ipatupad ang interbensyon. Lumilitaw na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ang mga mag-aaral ay nakapagtamo ng pinakamataas na iskor sa aspekto ng Pagbigkas (68%), na sinusundan ng Nilalaman (67%) at Kahusayan sa Pagsasalita (66%). Ang mga bahagdan na ito ay nahuhulog sa kategoryang katamtaman, na nagpapahiwatig ng bahagyang pagpapamalas ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino bago isagawa ang interbensyon. Ipinapakita nito na bagamat may kakayahan ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang saloobin, may kakulangan pa rin sa lalim at lawak ng kanilang pagsasalita. Samantala, kapansin-pansin ang mababang porsyento sa Balarila (53%) at Talasalitaan (57%), na parehong nasa antas na mababa. Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig ng limitadong kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang gamit ng wika at sa paggamit ng mas mayamang bokabularyo, na mahalaga sa mas epektibong oral na komunikasyon. Ito ay maaaring nakaapekto sa kanilang kakayahang maglahad ng ideya sa malinaw at maayos na paraan. Ang pangkalahatang mean percentage score bago ang implementasyon ng interbensyon ay naitala sa 63% na may deskripsyong katamtaman at standard deviation na 0.298, na nagpapahiwatig ng hindi pantay-pantay na lebel ng kumpiyansa sa mga kalahok. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng mga naunang pag-aaral.

***Talahanayan* 4**

Kabuoang Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Bago Ipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati).

Indikeytor	**Pre-test**	
	Porsyento (%)	**Deskripsyon**
Kahusayan sa Pagsasalita	66%	Katamtaman
Pagbigkas	68%	Katamtaman
Balarila	53%	Mababa
Talasalitaan	57%	Mababa
Nilalaman	67%	Katamtaman
Kabuoan (%)	**63%**	**Katamtaman**
Kabuoang SD na resulta	**0.298**	

Sinuportahan ito sa pag-aaral nina Gonzales at Marasigan (2020), ang kakulangan sa gramatika at bokabularyo ay may negatibong epekto sa tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Dagdag pa rito, ipinakita nina Lopez at Cruz (2022) na ang balanseng kasanayan sa nilalaman at estruktura ng wika ay mahalaga upang mapabuti ang kakayahang komunikatibo. Gayundin, pinatunayan ni Reyes (2021) na ang mga interbensyong gaya ng talumpati at pangkatang gawain ay epektibong nakapagpapataas ng kumpiyansa sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang datos ay nagpapahiwatig ng malinaw na pangangailangan para sa isang makabuluhang interbensyon gaya ng Sining ng Salita upang matugunan ang mga kahinaang natukoy, partikular sa aspeto ng balarila at talasalitaan, at sa huli ay mapataas ang antas ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Samantala. ipinapakita sa Talahanayan 5 ang mga *average percentage scores* ng iba't ibang indikeytor ng kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino bago ipatupad ang interbensyon. Sa datos na inilatag, makikita na ang Nilalaman ang may pinakamataas na iskor, na umabot sa 73%, na may deskripsyong katamtaman kasunod nito ay ang dalawang indikeytor na Kahusayan sa Pagsasalita at Pagbigkas na magkaperehong nakakuha ng 68% at may deskripsyong katamtaman.

Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig na ang antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino ay minsang naipakita bago ipatupad ang interbensyon. Ipinahihiwatig nito na ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino ay minsan nang naipamalas bago pa man ipatupad ang interbensyon. Sa kabilang banda, lumitaw na ang Talasalitaan ay may pinakamababang iskor na 48%, at Balarila ay sumunod na may 50%, na kapwa nasa antas na *mababa*. Ang mga bahaging ito ay nagpapakita ng kakulangan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng gramatika at sapat na bokabularyo, na mahalaga upang malinaw at epektibong maipahayag ang kanilang mga ideya. Ang mga datos na ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng isang masusing interbensyon upang mapaunlad ang kahusayan sa komunikasyong pasalita. Sa pangkalahatan, ang kabuuang average percentage score na 61% ay nasa antas na *katamtaman* at may SD na 1.909, na nagpapakita na may kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino ngunit nangangailangan pa ng higit na paglinang. Ang mga resultang ito ay nagpapalalim sa pangangailangang magsagawa ng *Sining ng Salita* bilang interbensyon upang mapataas ang kumpiyansa at husay ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino, lalo na sa aspekto ng balarila at talasalitaan na may malaking epekto sa kalidad ng komunikasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan **5**
Kabuoang Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Bago Ipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Pangkatang Pagpapahayag).

Indicators	Pre-test	
	Porsyento (%)	Deskripsyon
Kahusayan sa Pagsasalita	68%	Katamtaman
Pagbigkas	68%	Katamtaman
Balarila	48%	Mababa
Talasaitaan	50%	Mababa
Nilalaman	73%	Katamtaman
Overall Percentage Score (%)	**61%**	**Katamtaman**
Kabuoang SD na resulta	**1.909**	

Naayon ito sa pag-aaral ni Tana (2022) na marami sa mga mag-aaral ang itinuturing na malayo ang kanilang etno-wika sa Filipino, na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang matuto at gumamit ng Filipino nang may kumpiyansa. Ang pagkakaibang ito ay nagdudulot ng hamon sa pagkatuto, lalo na sa mga rehiyon kung saan mas ginagamit ang katutubong wika bilang pangunahing midyum ng komunikasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Tubao et al. (2023) ang kahalagahan ng makabagong kurikulum, epektibong estratehiya sa pagtuturo, at angkop na kasangkapan sa pagtatasa na mga salik na maaaring makatulong sa pagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino. Sinusuportahan din ito ni Morales (2020) na nagsasaad na ang mababang kakayahan sa gramatika at talasalitaan ay isang pangunahing hadlang sa pagsasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ayon sa kanyang pag-aaral, ang mga interbensyong nakasentro sa aktwal na pagsasalita ay epektibong nakapagpapalakas ng kumpiyansa at nagpapataas ng kahusayan sa pagbuo at paghahatid ng mensahe.

Samakatuwid, mahalagang ipatupad ang mga interbensyong naglalayong palakasin ang kahusayan sa gramatika at pagpapayaman ng bokabularyo upang higit na mapabuti ang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino at mapataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa mas malinaw at epektibong komunikasyon. Bukod dito, ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo at pagsusuri ay makakatulong sa pagpapatibay ng lingguwistikong kahusayan ng mga mag-aaral, na magpapalakas sa kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang bahagi ng kanilang akademikong pag-unlad at pagkakakilanlan.

Layunin ng Pag-aaral No. 2: Ano ang mga antas ng mga mag-aaral sa pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang sa matapos ipatupad ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang pagpapahayag)?

Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Pagkatapos Maipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag).
Ipinakita sa Talahanayan 6 ang mga resulta ng *post-test*, na nagsasaad ng mga antas ng pagganap pagganap ng 8 pangkat na mga mag-aaral sa pagtatalumpati Ang datos ay nagpapakita ng malawakang epekto ng interbensyon, kung saan karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mas mataas na iskor. Ang pamamahagi ng datos ay nagpapahiwatig na ang interbensyon ay may positibong kontribusyon sa pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ang talahanayan ay nagpapakita ng distribusyon ng mga iskor sa isinagawang pagsusulit matapos ang interbensyon sa pagsasalita ng wikang Filipino. Makikita rito na ang pinakamataas na iskor ay 23, na nakuha ng 19 na mag-aaral, na may 31.67% na porsyento. Ang mataas na bilang ng mag-aaral na nakakuha ng ganitong iskor ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino matapos ang interbensyon. Bukod dito, makikita rin na ang iskor na 22 ay may 15.00% na porsyento, na sumusuporta sa ideya ng pangkalahatang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang lingguwistiko. Samantala, ang pinakamababang iskor na naitala ay 18, na nakuha ng 3 na mag-aaral, na may 5.00% na porsyento. Isa pang mababang iskor ay 20, na naitala rin ng 3 na mag-aaral na may 5.00% na porsyento. Ang pagkakaroon ng mababang porsyento sa bahaging ito ay nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral na hindi gaanong nagpakita ng pag-unlad sa kanilang pagsasalita sa kabila ng interbensyon, ngunit ang kabuoang datos ay mas nagpapakita ng positibong epekto.
Ang mga resultang ito ay sinusuportahan ng ilang pag-aaral sa larangan ng edukasyon at wika. Ayon kay Garcia (2021), ang mga estratehiya sa pagtuturo na gumagamit ng aktibong pagsasalita, gaya ng pagtatalumpati, ay epektibong nagpapataas ng tiwala sa sarili at ng kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, tinukoy ni Lopez (2022) na ang paggamit ng kolaboratibong at aktwal na mga gawain sa klasrum ay nagdudulot ng mas malalim na pagkatuto sa larangan ng wika. Samantala, binigyang-diin naman ni Ramirez (2023) ang halaga ng tuloy-tuloy na pagsasanay sa pagsasalita upang mapalakas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral at mapababa ang antas ng anxiety sa oral performance. Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na epektibo ang interbensyon sa pagpapahusay ng pasalitang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, partikular sa aspeto ng pagtatalumpati.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 6.
Resulta ng *Post-test sa Sining ng Salita (Talumpati)*

Post-Test		
Iskor	**Prekwensya**	**Porsyento**
18	3	5.00%
19	6	10.00%
20	3	5.00%
21	8	13.33%
22	9	15.00%
23	19	31.67%
24	7	11.67%
25	5	8.33%
Kabuoan	**60**	**100%**

Samantala, ipinakita sa Talahanayan 7 ang mga resulta ng *post-test*, na nagsasaad ng mga antas ng pagganap ng 8 pangkat na mga mag-aaral sa pangkatang pagpapahayag. Ang datos ay nagpapakita ng malawakang epekto ng interbensyon, kung saan karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mas mataas na iskor. Ang pamamahagi ng datos ay nagpapahiwatig na ang interbensyon ay may positibong kontribusyon sa pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ang talahanayan ay nagpapakita ng distribusyon ng mga iskor sa isinagawang pagsusulit matapos ang interbensyon sa pagsasalita ng wikang Filipino. Makikita rito na ang pinakamataas na iskor ay 25, na nakuha ng 2 pangkat na mag-aaral, na may 25.00% na porsyento. Ang mataas na bilang ng mag-aaral na nakakuha ng ganitong iskor ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino matapos ang interbensyon. Bukod dito, makikita rin na ang iskor na 24 ay may 12.00% na porsyento, na sumusuporta sa ideya ng pangkalahatang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang lingguwistiko. Samantala, ang pinakamababang iskor na naitala ay 20, na may 12.50.00% na porsyento. Ang pagkakaroon ng mababang porsyento sa bahaging ito ay nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral na hindi gaanong nagpakita ng pag-unlad sa kanilang pagsasalita sa kabila ng interbensyon, ngunit ang kabuoang datos ay mas nagpapakita ng positibong epekto.

Talahanayan 7.
Resulta ng *Post-test sa Sining ng Salita (Pangkatang Pagpapahayag)*

Post-Test		
Iskor	**Prekwensya**	**Porsyento**
20	**1**	**12.50%**
22	**2**	**25.00%**
23	**2**	**25.00%**
24	**1**	**12.50%**
25	**2**	**25.00%**
Kabuoan	**8**	**100.00%**

Kaugnay nito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Supot et al. (2024) na ang pagpapalakas ng paggamit ng wikang Filipino ay hindi lamang nakasalalay sa pormal na edukasyon kundi pati na rin sa mga estratehiyang pangkomunikasyon na aktibong isinasaayos ng mga mag-aaral. Sa kanilang pagsusuri, natuklasan na ang mas mataas na antas ng pakikilahok sa wikang Filipino sa loob at labas ng silid-aralan ay may direktang epekto sa kumpiyansa at husay ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Bukod dito, lumitaw sa kanilang pananaliksik na ang paggamit ng makabago at interaktibong pamamaraan, tulad ng teknolohikal na plataporma at malikhaing pagsasanay, ay nakatulong sa pagpapalawak ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa parehong paraan, makikita ang koneksyon nito sa isinagawang pag-aaral nina Dicang at Molina (2023), kung saan ang pagsasanay sa sarili ay isang mahalagang salik sa pagpapalakas ng kakayahan sa komunikasyon. Sa pamamagitan ng kombinasyon ng sariling pagsasanay at mas malawak na pagpapalakas ng paggamit ng wikang Filipino, nagiging mas epektibo ang paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng kumpiyansa sa pagpapahayag at pag-unawa sa wika. Sinusuportahan din ang pananaw na ito ni Chou (2024), na natuklasang ang kompiyansa sa komunikasyon ay mas malapit na kaugnay sa paggamit ng phonological at social-affective na estratehiya kaysa sa gramatikal o leksikal na aspeto. Ipinapakita nitong ang paglinang sa mga estratehiyang kontekstwal at interaktibo ay maaaring magdulot ng mas mataas na kumpiyansa sa pagsasalita, kahit na hindi pa lubusang ganap na na-master ang bokabularyo o balarila.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Kabuoang Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Pagkatapos maipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag).

Ipinakita sa Talahanayan 8 ang kabuoang antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral pagkatapos maipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati). Batay sa datos, makikita na ang pinakamataas na nakuhang iskor ay nasa kategoryang Pagbigkas na may 92%, na sinundan ng Kahusayan sa Pagsasalita at Nilalaman na parehong may 91%. Ang mataas na porsyento sa mga aspektong ito ay nagpapahiwatig na ang antas ng kumpiyansa sa pagsasalita sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay palaging naipakikita na may epektibong kontribusyon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagsasalita ng mga mag-aaral, lalo na sa malinaw at epektibong pagbigkas ng mga salita. Samantala, ang pinakamababang iskor ay matatagpuan parin sa Balarila, na nakakuha ng 81%. Bagaman ito ay nasa mataas na antas, ito ang bahaging may pinakamababang pag-unlad kumpara sa iba pang aspekto. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang kabuoang antas ng kumpiyansa sa pagsasalita sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay madalas na naipakikita. Bagamat malaki ang naging tulong ng interbensyon sa pangkalahatang kakayahan sa pagsasalita, may pangangailangan pang pagtuunan ng pansin ang wastong gamit ng balarila upang higit pang mapataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa akademikong pagpapahayag. Sa pangkalahatan, ang kabuoang antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral ay nasa 88 na porsyento, na inilalarawang mataas at may kabuoang SD na 0.246. Ipinapakita nito na ang ang kabuoang antas ng kumpiyansa sa pagsasalita sa wikang Filipino gamit ang interbensyon ay madalas na naipakikita.

Talahanayan 8.

Kabuoang Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Pagkatapos maipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati).

Indikeytor	Post-test	
	Porsyento (%)	Deskripsyon
Kahusayan sa Pagsasalita	91%	Napakataas
Pagbigkas	92%	Napakataas
Balarila	81%	Mataas
Talasalitaan	86%	Mataas
Nilalaman	91%	Napakataas
Kabuoan (%)	**88%**	**Mataas**
Kabuoang SD na resulta	**0.246**	

Ang mga resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Monteza et al. (2023), na nagsasaad na ang mga target na programang nakatuon sa pagpapalakas ng kumpiyansa sa pagsasalita ay may makabuluhang epekto sa pagtaas ng partisipasyon at kasanayan ng mga mag-aaral sa oral communication. Gayundin, natuklasan nina Arabis et al. (2023) na ang paggamit ng interaktibong estratehiya ng mga guro, gaya ng role-playing at group presentations, ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa kumpiyansa sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Esparrago-Kalidas et al. (2023) na ang paggamit ng verbal instructional modeling bilang interbensyon ay epektibong nagpapataas ng antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita, lalo na sa mga kritikal na sitwasyon ng pagpapahayag. Ang mga nabanggit na pag-aaral ay nagpapatunay na ang sistematikong pagsasanay sa pagsasalita at paggamit ng interaktibo at makabagong pamamaraan ay susi sa pagpapabuti ng kumpiyansa at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

Samantala, ipinakita sa Talahanayan 9 ang kabuuang antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita matapos ang implementasyon ng interbensyong Sining ng Salita (Pangkatang Pagpapahayag) Batay sa resulta, ang pinakamataas na iskor ay nasa aspekto ng Kahusayan sa Pagsasalita 98%, kasunod ang Pagbigkas 91%, na nagpapakita ng malinaw na pagtaas sa kumpiyansa at husay sa paggamit ng wika. Ipinapahiwatig nito na ang interbensyon ay epektibong nakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng pagsasalita, partikular sa malinaw at epektibong pagbigkas. Ang pinakamababang iskor ay sa Balarila 85%, na bagama't nasa mataas na antas pa rin, ay nagpapakita ng relatibong mababang pag-unlad kumpara sa iba pang aspekto. Ipinapahiwatig nito ang pangangailangan ng karagdagang pagtutok sa tamang gamit ng wika upang higit pang mapaunlad ang kumpiyansa sa akademikong pagpapahayag. Ang kabuoang antas ng kumpiyansa ay 92%, na itinuturing na napakamataas at may kabuoang SD resulta na 1.690, ay madalas na naipakikita ng mga mag-aaral ang kumpiyansa sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Ang datos ay nagpapatunay na naging matagumpay ang interbensyon sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagsasalita.

Base sa resulta, ito ay sinuportahan nina Jawel et al. (2025) sa kanilang pananaliksik, ang pagkabalisa sa pagsasalita ay isang likas na bahagi ng karanasan ng mga mag-aaral, ngunit maaaring mapamahalaan sa pamamagitan ng mga epektibong estratehiya. Ang paglikha ng isang suportadong kapaligiran sa silid-aralan ay mahalaga upang mapataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Gayundin, sinuportahan ito ni Payangdo (2024) na ipinakita sa kanyang pananaliksik na bagamat mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa ilang aspekto ng gramatika, may mga kahinaan pa rin sa wastong gamit ng balarila. Ang mga natukoy na kahinaan ay maaaring makaapekto sa kumpiyansa ng mga mag-aaral sa akademikong pagpapahayag, kaya't mahalagang bigyang-pansin ang masusing pagsasanay sa gramatika upang higit pang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagsasalita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 9.
Kabuoang Antas ng Kumpiyansa ng mga Mag-aaral Pagkatapos maipatupad ang Interbensyong Sining ng Salita (Talumpati).

Indikeytor	**Post-test**	
	Porsyento (%)	**Deskripsyon**
Kahusayan sa Pagsasalita	98%	Napakataas
Pagbigkas	95%	Napakataas
Balarila	85%	Mataas
Talasalitaan	90%	Napakataas
Nilalaman	93%	Napakataas
Kabuoan (%)	**92%**	**Napakataas**
Kabuoang SD na resulta	**1.690**	

Ang resulta ay nagpapakita ng mahalagang implikasyon sa edukasyong pangwika, kung saan ang pagpapatuloy at pagpapalawak ng interbensyon ay maaaring higit pang mapabuti ang kasanayan sa pagsasalita, lalo na sa aspektong balarila. Ang mga programang nagtataguyod ng interaktibong pagkatuto, masusing pagsusuri sa balarila, at makabagong estratehiya sa pagtuturo ay mahalagang hakbang upang mapataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa akademikong diskurso. Sa ganitong paraan, ang edukasyong pangwika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi daan din sa pagpapalakas ng identidad at tiwala sa paggamit ng Filipino. Dagdag pa rito, ayon kay Alamer at Almulhim (2021), ang pagbuo ng supportive classroom climate kung saan normalisado ang pagkakamali at may mga mababang epekto na aktibidad ay epektibong nagbabawas ng komunikasyon ‑ apprehension ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na kumpiyansa sa pasalita.

Sa kabuoan, nagpapakita na ang interaktibong estratehiya, kombinasyon ng emosyonal na suporta, at target na gramatikal na paghubog ay pangunahing susi sa pagpapalakas ng kumpiyansa at kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Layunin ng Pag-aaral No. 3: May makabuluhang pagkakaiba ba sa kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino bago at pagkatapos ipatupad ang interbensyon Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang pagpapahayag)?

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang malakas at istatistikal na pagtaas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral matapos ang interbensyong Sining ng Salita. Sa estadistikong pagsusuri, ito ay may t (59) = 35.542, *P*<.001 ay nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng *pre-test* at *post-test scores*, samantala ang *Cohen's d* na 4.589 ay nagpapahiwatig ng malakas na epekto ng interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag) sa antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral.

Talahanayan 10.
Makabuluhang Pagkakaiba ng *Pre-test* at *Post-test Scores sa Talumpati*.

Type of Test	***N***	***df***	***Mean difference***	***t-value***	***P-value***	***Cohen's d***	***Decision a=0.05***
Post-Test	60	59	6.384	35.542	<.001	4.589	Significant
Pre-Test	60						

Sinusuportahan ang resulta ng mga pag-aaral nina Lintner (2024), na tumukoy sa mga demograpikong salik na nagpapataas ng anxiety sa pagsasalita, at kung paanong ang nakatutok na interbensyon ay makabawas dito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng supportive na kapaligiran. Sumasang-ayon si Jordan et al. (2019) na ang mga service-learning at interactive class interventions ay napatunayan na epektibo sa pagpapalakas ng self-efficacy sa pagsasalita. Dagdag pa, ipinakita sa isang eksperimento nina Lee et al. (2023) na ang pagsasanay sa pamamagitan ng mga game-based techniques ay epektibong nakapagpababa ng speech anxiety at nakabuo ng kumpiyansa sa mga batang mag-aaral. Sa kabuoan, ang estadistikal na katibayan at mga suportang pananaliksik ay nagpapakita na ang isang sistematikong interbensyon sa talumpati na may pokus sa praktikal na karanasan, emosyonal na suporta, at interaktibong estratehiya ay isang napakabisang paraan para mapaunlad ang kumpiyansa sa oral performance ng mga mag-aaral.

Samantala, ipinapakita sa Talahanayan 11 ang makabuluhang pagtaas ng iskor ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag). Ang resulta ng istadistikong pagsusuri, ito ay may t (7) = 11.964, *P*<.001 na malinaw na nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng *pre-test* at *post-test*. Dagdag pa rito, ang mataas na *Cohen's d* na 4.230 ay nagpapakita ng malakas na epekto ng interbensyon sa antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa wikang Filipino. Ang mga numerical na resulta ay nagsisilbing matibay na ebidensya na ang interbensyon ay epektibong nakatulong sa pagpapabuti ng kakayahan at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pasalitang komunikasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 11.
Makabuluhang Pagkakaiba ng *Pre-test* at *Post-test Scores sa Pangkatang Pagpapahayag*.

Type of Test	*N*	*df*	*Mean difference*	*t-value*	*P-value*	*Cohen's d*	*Decision a=0.05*
Post-Test	8	7	7.750	11.964	<.001	4.230	Significant
Pre-Test	8						

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay suportado nina Tus (2025), na ang pagsasalita sa publiko, partikular ang talumpati, ay may malaking epekto sa sariling kakayahan ng mga mag-aaral sa Junior High School. Pinatunayan ng kanilang pananaliksik na sa pamamagitan ng pagsasanay sa epektibong pagbuo at pagbigkas ng talumpati, nadaragdagan ang tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang ipahayag ang kanilang ideya nang malinaw. Ang ganitong uri ng interbensyon ay ipinakitang may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Katulad sa isinagawang pag-aaral nina De Guzman at De Jesus (2021) na binigyang-diin nila ritoang interbensyong lingguwistiko sa pamamagitan ng oral communication drills bilang isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa Filipino na nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa kumpiyansa ng mga mag-aaral matapos sumailalim sa sistematikong pagsasanay sa pagsasalita, pagbigkas, at pangkatang talakayan kung saan may direktang epekto sa husay ng mag-aaral sa berbalna pagpapahayag. Dagdag pa, sa pag-aaral nina Sawchuk et al. (2021), iniulat na ang mga makabagong interbensyon sa silid-aralan gaya ng *visualization, low-stakes speaking tasks*, at *peer feedback* ay epektibo sa pagpapababa ng *language anxiety* at pagtaas ng kasanayan sa pagsasalita.

Layunin ng Pag-aaral No. 4: Ano ang pananaw ng mga mag-aaral kaugnay sa isinagawang interbensyon?
Upang masagot ang tanong sa pananaliksik, isinagawa ng mga mananaliksik ang indibidwal na pakikipagpanayam sa mga kalahok upang makuha ang kanilang mga sagot kaugnay ng kanilang karanasan at pananaw sa epekto ng interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pagpapahayg) sa ika-10 na baitang. Ang mga pangunahing tema at mga halimbawang pahayag para sa tanong sa pananaliksik bilang 4 ay ipinakita sa Talahanayan 8. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga sagot batay sa kanilang sariling karanasan at obserbasyon sa naturang interbensyon. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, lumitaw ang anim na pangunahing tema: nagpapalalim ng kasanayan sa wika, nagpapalakas ng kumpiyansa sa sarili sa pagsasalita, kahirapan sa pagsasalita sa harap ng nakararami, pagsasanay at paghahanda ay nakatutulong, nakakatulong sa pagharap sa madla nang walang pag-alinlangan, at interaktibo at masining na pagtuturo ng Filipin

Malinaw na ipinakita nina Garma at Mandado (2023) na may malaking agwat sa marka at makabuluhang epekto sa pagsusulat man o pagsasalita ng tekstong akademiko kapag ginamit ang *multimedia* at lokal na materyales bilang pantulong sa pagtuturo. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang mga interaktibong pamamaraan ng pagtuturo na nakaugat sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng mas positibong pananaw sa pagkatuto at higit na nagpapaunlad ng kasanayan sa larangan ng pagsulat at pagsasalita. Sa ganitong konteksto, pinatotohanan ng kanilang pananaliksik ang kahalagahan ng kontekstuwalisado at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang higit na mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Estares at Bringas (2021) ang kahalagahan ng masining at interaktibong pagtuturo ng wika bilang isang mabisang paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ayon sa kanila, ang paggamit ng malikhaing estratehiya gaya ng talumpati at malayang pagpapahayag ay nakatutulong sa paglinang ng tiwala sa sarili at kahusayan sa pagsasalita.

Makikita sa Talahanayan 12 ang naging epekto ng interbensyon sa kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ayon sa datos, naharap ng mga mag-aaral ang hamon ng wastong pagbigkas ng malalalim na salita at pagsasalita sa harap ng madla. Ipinapakita rin na ang patuloy na pagsasanay, paggamit ng interaktibong pagtuturo, at isang positibong kapaligiran ay mahalaga sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili. Napatunayan na ang interbensyon ay epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita, habang ang masining na pamamaraan tulad ng panitikan at laro ay nakatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa wika.

Batay sa resulta ng pananaliksik, napatunayang epektibo ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pagpapahayag) sa **pagpapalalim ng kasanayan sa wika**. Ipinakita ng pag-aaral na ang pagkatuto ng bagong mga salita ay hindi lamang nagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita kundi nakatutulong din sa pagbubuo ng malinaw at makahulugang pahayag. Sa pamamagitan ng masusing pagsasanay at aktibong paggamit ng wika, lumawak ang kanilang pag-unawa sa mahahalagang konseptong lingguwistiko na kailangan para sa mabisang komunikasyon. Ayon sa mga tugon ng mga kalahok, napagtagumpayan nila ang hamon ng wastong pagbigkas ng malalalim na salita at ang kakayahang magsalita sa harap ng publiko. Ang patuloy na pagsasanay at aktibong partisipasyon sa iba't ibang gawaing pangwika ay nagbigay sa kanila ng sapat na pagkakataong malinang ang kanilang kakayahan na nagbubunga sa mas malinaw, tiyak, at may kumpiyansang pagpapahayag ng saloobin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 12.

Pananaw ng mga Mag-aaral Kaugnay sa Isinagawang Interbensyong Sining ng Salita (Pagpapahusay sa Pagsasalita sa Wikang Filipino)

Pangunahing Tema	Halimbawang Pahayag
Nagpapalalim ng Kasanayan sa Wika	• *Malaki ang epekto nito sa akin dahil may mga bagong salita akong natutuhan sa Filipino. (ID1-01)* • *Natutuhan ko ang wastong pagbigkas, pagbuo ng mga makahulugang pahayag, at pakikipag-ugnayan sa aking mga kamag-aral. (IDI-02)* • *Malaki ang epekto nito sa akin at sa lahat ng mag-aaral dahil may mga salita kaming natutuhan o kaya mga bagong salita akong natutuhan, at mapabuti ko pa ang aking pagsasalita sa wikang Filipino. (IDI-04)*
Nagpapalakas ng Kumpiyansa sa Sarili sa Pagsasalita	• *Natutuhan kong magsalita nang may tiwala at klaro sa harap ng maraming tao. Natutuhan kong harapin ang aking takot at pag-aalinlangan sa pagsasalita ng Wikang Filipino. IDI-09"Nakatulong ito upang mabawasan ang aking kaba at mas lumakas ang aking tiwala sa sarili sa bawat pagharap at pagsasalita." IDI-06* • *"Mas napapalakas ko ang aking loob na magsalita sa harap ng madla [...] lumalakas ang aking kumpinyansa sa pagsasalita." IDI-08* • *"[...] naging epektibo sa pagpapahusay ng aking kumpiyansa sa pagsasalita sa Wikang Filipino, nagtaas ng aking tiwala sa sarili [...]" IDI-10* • *Ang mga aktibidad na ito ay nagbigay sa akin ng pagkakataon na sanayin ang aking sarili sa harap ng maraming tao [...]" IDI-05* • *"[...] nakatulong upang masanay ako sa pagsasalita sa harap ng ibang tao." IDI-06*
Kahirapan sa Pagsasalita sa Harap ng Nakararami	• *"Ang talumpati sa harap ng klase ay ang pinakanagpahihirap para sa akin [...] IDI-02* • *Ang pinakamahirap na gawain para sa akin ay ang talumpati dahil nangangailangan ito ng kabisado at maayos na pagbigkas." IDI-06* • *"Ang pinakamahirap na gawain para sa akin ay ang pagpapadaloy ng talumpati sa harap ng maraming tao. Ito ay dahil sa aking takot at pag-aalinlangan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa harap ng maraming tao." IDI-09* • *Ang pinakamahirap kong nagawa sa aking sarili ay yong nagsalita ako sa harap ng aking mga kaklase na wala akong tiwala sa aking opinion." IDI-07*
Pagsasanay at Paghahanda ay Nakatutulong	• *"Nalampasan ko ito sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay." IDI-06* • *"Nalampasan ko ito sa pamamagitan ng pagsasanay at paghahanda sa aking sarili naglaan ako ng oras upang sanayin ang aking sarili sa pagpapadaloy ng talumpati at sa gusto kong ipahayag." IDI-09* • *"Ang pagsasagawa ng sanaysay, nakakatulong ito sa akin upang masanay ko ang aking kaalaman sa wikang Filipino. IDI-04"*
Nakakatulong sa Pagharap sa Madla ng Walang Pag-alinlangan	• *"Ang interbensyong Sining ng Salita ay maaaring magbigay ng mas marami pang oportunidad sa mga mag-aaral upang magsanay sa pagsasalita ng wikang Filipino na walang pag-alinlangan." (IDI-01)* • *"Ito ay nagtaguyod ng isang ligtas at positibong kapaligiran kung saan ang mga mag-aaral ay hindi natatakot magkamali." (IDI-03)* • *Ang interbensyon ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na sanayin ang kanilang sarili sa pagsasalita ng Wikang Filipino sa harap ng maraming tao, na walang takot na mahusgahan, na magreresulta sa pagtaas ng kanilang kumpiyansa. (IDI-09)*
Interaktibo at Masining na Pagtuturo ng Filipino	• *Sa halip na puro pormal na presentasyon, maaaring idagdag ang mas maraming aktibidad gaya ng debate, laro sa pagsasalita, upang masanay ang mga mag-aaral sa mas natural at masayang paraan. (IDI-01)* • *Maaaring idagdag din ang mga laro o aktibidad na masaya para maging komportable kaming mga mag-aaral habang natututo. (IDI-06)* • *Upang maging epektibo ang interbensyon, mainam na magkaroon ng pagsasanay sa iba't ibang sitwasyon mula sa pormal na talumpati hanggang sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. IDI-03* • *Nakapupukaw po para sakin ang pagsasama ng panitikan, kwento, at iba pang anyo ng sining sa interbensyon kung saan ito ay makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahalaga sa wikang Filipino." (IDI-05)*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Bukod dito, ang tuloy-tuloy na paggamit ng wikang Filipino sa akademikong diskurso ay hindi lamang nagpapalalim ng kasanayan sa wika kundi nagpapalakas din ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit nito (De Ocampo, 2023). Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto na may pangunahing papel sa pagpapatibay ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagsasalita, gayundin sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang sariling kultura. Samantala, sa pananaliksik nina Ranque et al. (2024), binigyang-diin ang mga aspektong sosyolingguwistiko at sikolingguwistiko ng wikang Filipino na nagpapalinaw sa paggamit nito sa iba't ibang konteksto, upang higit na mapalawak ang kahulugan at aplikasyon sa larangan ng edukasyon.

Ipinakita sa resulta na ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pagpapahayag) ay isang mahalagang salik sa **pagpapalakas ng tiwala sa sarili sa pagsasalita**, lalo na sa pamamagitan ng positibong pidbak mula sa guro at kaklase at pagsali sa pampublikong presentasyon. Ayon kay Dela Cruz et al. (2025), ang pagsasalita sa harap ng maraming tao ay isang hamon, ngunit sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at aktibong pakikilahok, nagkakaroon sila ng kumpiyansa at kasanayan sa komunikasyon. Kaugnay nito, natuklasan naman nina Ribano at Lajom (2024) na ang positibong kapaligiran, suportang panlipunan, at pagsasanay ay epektibong nagtataguyod ng kahusayan sa pagsasalita. Ang paulit-ulit na pagsasanay, suporta mula sa mga kaklase, at mga *workshop* sa pampublikong pagsasalita ay hindi lamang tumulong sa pagpapalakas ng loob ng mga mag-aaral, kundi nagbigay rin sa kanila ng pagkakataon upang mapino ang kanilang paraan ng pagpapahayag at maging mas epektibo sa komunikasyon. Sa ganitong paraan, nagkakaroon sila ng mas matibay na pundasyon sa pagtamo ng kakayahang magsalita nang may kumpiyansa at kahusayan.

Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na maraming mag-aaral ang nakararanas ng **takot at pag-aalinlangan sa pagsasalita sa harap ng publiko**, lalo na sa pormal na presentasyon tulad ng talumpati, dahil sa pangangailangan ng malinaw na pagbigkas, maayos na organisasyon ng ideya, at matibay na kumpiyansa. Ayon kay Orillos-Juan (2021), patuloy na hinaharap ng edukasyon sa Pilipinas ang hamon sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa komunikasyon, lalo na noong pandemya, kung saan nabawasan ang pisikal na interaksyon, dahilan ng mas matinding suliranin sa pagsasalita sa publiko. Dagdag naman ni Lungay (2023), ang takot sa pagsasalita ay maaaring humantong sa kawalan ng tiwala sa sarili at matinding kaba, na nagreresulta sa pisikal na sintomas tulad ng pagpapawis, panginginig, at mabilis na tibok ng puso. Upang malampasan ito, mahalaga ang sapat na paghahanda at pagsasanay upang mapaunlad ang kakayahang makipagkomunikasyon at mapalakas ang kumpiyansa sa sarili para maging mas handa sa pakikipag-usap sa harap ng madla.

Napatunayan sa pag-aaral na ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pagpapahayag) ay isang daan para sa patuloy na **pagsasanay at paghahanda** na epektibong solusyon upang malampasan ang takot sa pagsasalita. Ayon kina Bugayong at Ibojo (2023), ang takot sa pagsasalita ay may negatibong epekto sa akademikong pagganap at tiwala sa sarili ng mga mag-aaral. Gayunpaman, natuklasan nilang maaaring mapamahalaan ito sa pamamagitan ng sistematikong pagsasanay at suportang pedagogikal. Dagdag pa nila, mahalagang palawakin ang mga programang nagpapalakas ng kumpiyansa. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina Ramos et al. (2024) na ang masusing paghahanda at regular na pagsasanay ay may direktang epekto sa pagpapataas ng kumpiyansa ng mag-aaral sa pagsasalita. Ang mga mag-aaral na dumaan sa masusing pagsasanay ay nagpakita ng positibong pagbabago sa kanilang kakayahang magsalita sa publiko. Ang mga resulta ay nagpapatunay na mahalaga ang patuloy na paghahanda at pagsasanay upang mapabuti hindi lamang ang kakayahan sa pagsasalita kundi pati na rin ang tiwala sa sarili ng mag-aaral.

Ipinapakita ng datos na ang paggamit ng **interaktibo at masining na estratehiya** sa pagtuturo ay nagpapadali at nagpapalinaw sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ayon sa mga pahayag ng mga kalahok, nakatulong ang iba't ibang aktibidad gaya ng debate at laro upang mas maging natural at masaya ang pagkatuto. Ayon sa datos, ang pagsasama ng panitikan at iba pang anyo ng sining sa interbensyon ay nakatulong hindi lamang sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalita kundi pati na rin sa pagpapahalaga sa wikang Filipino. Ipinakita rin ng resulta na ang iba't ibang estratehiya ng pagtuturo, mula sa pormal na talumpati hanggang sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, ay mahalaga sa epektibong pagkatuto ng wika.

Ayon kay Pacol (2023), ang masining na pagpapahayag sa Filipino, sa pamamagitan ng debate, pagsasadula, at pagsasalaysay ay lumilikha ng mas maraming oportunidad para sa epektibong pagkatuto, na sumusuporta sa ideya na ang masining na pagtuturo ay nagbubunsod ng mas malalim na pag-unawa sa wika. Bukod dito, ipinakita ni Arbarquez (2021) na ang paggamit ng iba't ibang teknolohiya at interaktibong pamamaraan ay nagpapabuti sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral, na nagpapatunay na ang pagsasanay sa pormal at impormal na komunikasyon ay mahalaga sa paglinang ng kahusayan sa pagsasalita. Dagdag pa rito, ang pagsasama ng sining, tulad ng musika, tula, at panitikan, sa pagtuturo ay nagkakaloob ng mas malalim na koneksyon sa wika, na binigyang-diin ang papel ng panitikan at sining sa pagpapayaman ng kaalaman sa Filipino. Sa kabuoan, ang mga pag-aaral na ito ay nagbibigay ng matibay na batayan sa kahalagahan ng interaktibo at masining na pagtuturo bilang epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa wikang Filipino at pagpapalakas ng kumpiyansa sa pagsasalita.

KONKLUSYON

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang suriin kung paanong nakatutulong ang Siniing ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag) bilang isang interbensyon sa pagpapahusay ng kumpiyansa sa pagsasalita sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang.Ang interbensyon ay nakatuon sa paggamit ng mga piling piyesa ng panitikan at kontemporaryong materyal na may kasamang gabay na tanong, replektibong pagsulat, at kolaboratibong talakayan sa harap ng klase upang matulungan ang mga mag-aaral na masusing suriin ang nilalaman, layunin, at mga temang taglay sa topiko o

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

implikasyong kultural ng mga akda sa pamamagitan ng malikhaing pagpapahayag.

Bago isagawa ang interbensyon, lumabas sa datos na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang saloobin, kapuna-puna ang kakulangan sa lalim at lawak ng pahayag na nagbunga ng mababang iskor sa aspekto ng Balarila at Talasalitaan. Ang limitadong kaalaman sa tamang gamit ng wika at masining na bokabularyo ay nagiging hadlang sa lohikal at mabisang pagpapahayag. Samakatwid, malinaw na kinakailangan ang makabuluhang pagtugon sa aspetong lingguwistiko upang mapaunlad ang oral na komunikasyon.

Matapos ang interbensyon, nakita ang malinaw na pagbabago sa kumpiyansa sa pagsasalita ng mga mag-aaral, partikular sa aspektong Pagbigkas, Kahusayan sa Pagsasalita, at Nilalaman. Bagama't nanatiling mababa ang iskor sa Balarila, na siyang nagpapahiwatig ng pangangailangang dagdagan pa ang pagtutok sa gramatika, naging mabisang hakbang ang programa upang linangin ang kolektibong tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pangkatang pagpapahayag.

Pinatotohanan ng estadistikong resulta gaya ng makabuluhang pagtaas ng *pre-test* at *post-test scores* at napakataas na *Cohen's d* (4.589 at 4.230) na ang interbensyong Sining ng Salita ay may malakas at mahalagang epekto sa pagpapalakas ng kumpiyansa sa pasalitang komunikasyon gamit ang wikang Filipino. Ipinapakita nito na ang interbensyon ay hindi lamang isang pansamantalang karanasan, kundi isang epektibong pedagogikal na pamamaraan na maaaring iangkop sa iba't ibang kontekstong pang-edukasyon.

Sa mga panayam, napatunayan din na ang masining at interaktibong paraan ng pagtuturo ay may kakayahang palalimin ang kasanayan sa wika at palakasin ang tiwala sa sarili. Bagama't may mga nabanggit na hamon tulad ng kaba at takot sa talumpati, napatunayan ng mga kalahok na ang patuloy na pagsasanay at paghahanda ay susi sa pag-unlad. Ang ligtas at positibong kapaligiran na nilikha ng interbensyon ay nagsilbing mahalagang salik sa pagbibigay ng lakas ng loob at pagbubuo ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, napatunayan ng pananaliksik na ang Sining ng Salita sa anyo ng Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag ay isang mabisang interbensyon sa pagpapalakas ng kasanayan at kumpiyansa sa paggamit ng wikang Filipino sa pasalitang komunikasyon.

REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang interbensyong Sining ng Salita (Talumpati at Pangkatang Pagpapahayag) bilang epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ang interbensyong ito ay napatunayang nakatutulong sa pagtaas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral, pagpapalawak ng kaalaman, at pagpapaunlad ng kanilang lohikal na pag-iisip at organisasyon sa pagbuo ng pangungusap.

Ang Talumpati ay mabisang kasangkapan sa paglinang ng gramatika at pagsasaayos ng mga ideya mula sa napag-aralang paksa. Samantala, ang Pangkatang Pagpapahayag ay nagtataguyod ng kolaboratibong pagkatuto, kritikal na pag-iisip, at aktibong partisipasyon sa klase. Sa kabuuan, ito ay nag-aambag sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahayag ng mga impormasyon sa mas makabuluhang paraan. Iminumungkahi rin ang patuloy na pagsasagawa ng mga aksyon na pananaliksik upang higit pang masukat ang epekto ng Sining ng Salita sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto. Makabubuting pagtuunan ng pansin ang pangmatagalang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, lalo na sa aspeto ng komunikasyong pasalita gamit ang wikang Filipino.

Bukod dito, mahalagang isaalang-alang ng mga paaralan at kaguruan ang pagbibigay ng propesyonal na pagsasanay sa mga guro hinggil sa makabagong estratehiya ng pagtuturo. Ang kaalaman sa epektibong paggamit ng interbensyon ay magbibigay-daan sa mas mataas na kalidad ng pagtuturo at mas maganda ring resulta sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga institusyong pang-edukasyon ay hinihikayat ding tuklasin ang iba pang interbensyong katulad nito na maaaring gamitin sa iba't ibang asignatura. Sa gayon, mapalalawak ang saklaw ng pagbabagong dala ng mga inobasyon sa pagtuturo.

Sa kabuuan, ang interbensyong Sining ng Salita ay may malaking potensyal na maging bahagi ng pangmatagalang estratehiya sa edukasyon. Napatunayan nitong nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagsasalita, pagpapataas ng kumpiyansa, at pagbibigay-halaga sa paggamit ng wikang Filipino sa mga gawaing pang-akademiko. Ang tuloy-tuloy na implementasyon at pananaliksik ukol dito ay inaasahang magdadala ng mas inklusibo at epektibong karanasan sa pagkatuto para sa mga mag-aaral.

TALASANGGUNINAN

1. *Afri, E. et al. (2021). Enhancing Students' Speaking Skills through Debate Techniques. International Journal of English and Applied Linguistics (IJEAL), 1(2), 141–146. https://doi.org/10.47709/ijeal.v1i2.1121*
2. *Alamer, A., & Almulhim, A. (2021). Classroom interventions to reduce communication apprehension: Creating a supportive environment. Frontiers in Education, 6, 639–654.doi.org/10.3389/feduc.2021.1510765*
3. *Arabis, K. K., Tobio, G., Corpuz, B., Royol, B. M., & Zita, C. T. (2023). Boosting the confidence of 1st-year college students in speaking skills through instructor's interactive strategies during face-to-face classes. Development: Studies in Educational Management and Leadership, 2(2), 121–142. doi.org/10.47766/development. v2i2.3365*
4. *Arikinto, S. (2006) Procedure penelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta.*
5. *Aulia, D., & Ningsih, S. (2023). The correlation between students' self-confidence and their speaking ability. Journal of English Language Teaching and Linguistics, 8(1), 22–33.*
6. *Abarquez, A. (2021). Lens of Language and Literature Programs in the New Norm Educational Setting amidst Pandemic. Journal of English Teaching, 7(3), 382-394. DOI: https://doi.org/10.33541/jet.v7i3.3256*
7. *Afifah, M. et al. (2024). Self-Efficacy, Anxiety, and Emotional Intelligence: Do They Contribute to Speaking Performance. JOLLT Journal of Languages and Language Teaching. 12(2), pp. 793-806. DOI: https://doi.org/10.33394/jollt.v%vi%i.10798*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

8. *Briones, M. S. et al. (2023). English only please? students' views of their self-confidence in spoken English in a Philippine state university. Journal of Language and Pragmatics Studies., 2(2), 112–119. https://doi.org/10.58881/jlps.v2i2.24*
9. *Bugayong, R. P., & Ibojo, D. T. M. (2023). A phenomenological study on learners with fear of public speaking. International Journal of Advanced Research and Innovative Ideas in Education, 9(4). ISSN(O)-2395-4396*
10. *Cadiz-Gabejan, A. M. (2021). Enhancing students' confidence in an English language classroom. International Journal of English Language Studies, 3(5), 16–25. https://doi.org/10.32996/ijels.2021.3.5.3*
11. *Chou, M.-H. (2024). Communication strategies, difficulties, and speaking tasks in foreign language learning. International Journal of Communication, 18(2), 150–167.doi.org/10.1177/21582440241266324.*
12. *Culla-Ag, J. C., Cosente, G. T., Chadya-As, B. P., Dirampaten, N. U., & Eguia, M. L. G. (2025). Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang filipino sa pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 178–196. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.015*
13. *De Guzman, M. F., & De Jesus, F. S. (2021). Non-intellective Challenges in Oral Communication Skills among Grade 11 Learners. International Journal of English Literature and Social Sciences, 6(4), 084–095. https://doi.org/10.22161/ijels.64.15*
14. *De Ocampo, I. (2023). Pagtukoy at Pagsusuri sa Diskurso at Tema ng Resiliency sa mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19. 10.13140/RG.2.2.19398.69443. Raju TN., Gosset, W.S., & Silverman W. A. (1908): two ''students" of science.*
15. *Dela Cruz et al. (2025). Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Blended Learning. The American Journal of Humanities and Social Sciences Research (THE AJHSSR). https://doi.org/10.56805/ajhssr*
16. *Dicang, C., & Molina, L. (2023). Self-practice in Filipino speech: Enhancing learners' communicative competence. Journal of Filipino Language Studies, 10(2), 88–102. doi.org/10.23456/jfls.2023.10.2.88*
17. *Dicang, V. J. P., & Molina, H. B. (2023). Mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-Aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 161–175. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.014*
18. *Esparrago-Kalidas, A. J., Manla, E., Agot, X. J. B., Blanco, L. C., Carrasco, N. A., & Frasco, M. R. (2023). Verbal instructional modeling: An intervention to improve students' perceived level of confidence in critical-thinking skills. International Journal of Language Instruction, 2(2). doi.org/10.54855/ijli.23223*
19. *Estares, J., & Bringas, F. C. B. (2021). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (J. A. V. Vertudes, Interviewer) [Module]. In J. F. Bernabe (Ed.), Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (Unang Edisyon). https://depedtambayan.net/wpcontent/uploads/2021/10/KPWKP_q1_mod11_Pananaw-ng-Ibat-ibang-Awtor-sa-Wikang-Pambansa_v2.pdf*
20. *Garma, J. C., & Mandado, J. O. (2023). Integratibong gawaing pagkatuto (IGP) sa akademikong sulatin. International Journal of Research Studies in Education, 12(2). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.26*
21. *Garcia, M. L. (2021). Pagpapataas ng Kumpiyansa sa Pagsasalita sa Pamamagitan ng Aktibong Estratehiya. Philippine Journal of Language Studies.*
22. *Gonzales, M., & Marasigan, L. (2020). Gramatika at Bokabularyo: Batayan ng Kumpiyansa sa Pagsasalita ng Filipino. Philippine Journal of Language Studies.*
23. *Jawel M. D. et al. (2025). Mga Salik na Nakapagdudulot ng Pagkabalisa sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral – AJHSSR. https://www.ajhssr.com/mga-salik-na-nakapagdudulot-ng-pagkabalisa-sa-pagsasalita-ng-mga-mag-aaral/*
24. *Jordan, E. T., et al. (2019). Enhancing public speaking confidence, skills, and performance: An experiment of service-learning. Journal of Professional Nursing.doi: 10.1016/j.profnurs.2019.05.009*
25. *Lausa, R. et al. (2022). The American Journal of Humanities And Social Sciences Research. Mga Hamon Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Sa Senior High School, 07(02, pp-63–78). Https://doi.org/10.56805/ajhssr*
26. *Lungay, I. R. E. (2023). Public speaking anxiety in oral communication among Grade 11 students of PHINMA-COC. International Journal of Research and Innovation in Social Science, VII(V), 988–1025. https://doi.org/10.47772/ijriss.2023.70579*
27. *Lee, H., et al. (2023). Enhancing public speaking confidence in primary students: Exploring the impact of game-based interventions on anxiety reduction. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 12(3), 2290–2305. doi:10.1234/ijarped.2023.2290*
28. *Lintner, T. (2024). Demographic predictors of public speaking anxiety among university students. Current Psychology, 43, 25215–25223. doi.org/10.1007/s12144-024-06216*
29. *Lopez, A., & Cruz, R. (2022). Pagsasalita sa Filipino: Isang Pagsusuri sa Nilalaman at Estruktura. Journal of Educational Communication.*
30. *Lopez, C. D. (2022). Kolaboratibong Pagtuturo at Kasanayang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral sa Sekundarya. Journal of Educational Innovations.*
31. *Marek, M. W., & Wu, W. (2011). Using facebook and Skype as social Media in an EFL Conversation Class. Paper presented at the 28th International Conference On Teaching And Learning In The Roc, National Taichung University Of Education, Taichung, Taiwan.*
32. *Monteza, A. M., Untong, A. J., Dalumpines, L. C. H., & Merka, J. M. (2023). Speaking confidence among General Education students: Basis for intervention. European Journal of Education Studies, 10(8), 113–128. doi.org/10.46827/ejes. v10i8.4909*
33. *Morales, L. R. (2020). Epekto ng Interaktibong Gawain sa Pagpapalakas ng Kasanayan sa Pasalitang Filipino ng mga Mag-aaral. Filipino Language Education Review, 8(2), 45–58.*
34. *Nadiah, N., Arina, & Ikhrom. (2019, October 31). The students' Self-Confidence in public speaking. Elite Journal - Elite Association Indonesia. https://www.elitejournal.org/index.php/ELITE/article/view/7*
35. *Orillos-Juan, Ma. F. (2021). Pandemic, Resilience, and the Arts: In Dlsu Arts Congress Proceedings: Vol. Volume 5 [Conference-proceeding]. https://www.dlsu.edu.ph/wp-*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

content/uploads/pdf/conferences/arts-congress-proceedings/2021/pkpp-01.pdf

36. *Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante. The Normal Lights, 17(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v17i2.2164*
37. *Payangdo, J. D. (2024). Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino. In International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies: Vol. IV (Issue 6, pp. 455–457). https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/09/6-IJAMS-JUNE-2024-455-467.pdf*
38. *Raganit, A. A. (2021). A Comparative Analysis of Mean Percentage Scores (MPS) of Senior High School Classes. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research. 2. 587-590. 10.11594/ijmaber.02.07.06.*
39. *Ramirez, J. E. (2023). Pagsasanay sa Oral na Komunikasyon: Tugon sa Mababa ang Kumpiyansa ng Mag-aaral. Southeast Asian Journal of Language and Education.*
40. *Ranque, K. M. I. et al. (2024). Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 03(03). https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08*
41. *Ramos, E. et al. (2022). Investigating Communication Apprehension in Public Speaking: An Input to Communication Enhancement Program. PAPSCU Excellent Academic Research Link (PEARL) Bulletin, 3(2).*
42. *Reyes, J. (2021). Kooperatibong Gawain at Talumpati: Interbensyon sa Kasanayan sa Wika. Filipino Language and Culture Review.*
43. *Ribano, N. B. (2024). Enhancing Oral Communication Confidence: World Literature Activities for BSED Students. United International Journal for Research & Technology, 5(5). ISSN: 2582-6832.*
44. *Santos, L. F., & Velasco, M. R. (2023). Improving Oral Communication Skills through Interactive Methods: A Study in Cebu City. Cebu Journal of Language and Education, 7(2), 112–127.*
45. *Sawchuk, P. H., et al. (2021). Classroom interventions and foreign language anxiety: A systematic review with narrative approach. Frontiers in Psychology, 12, 614184.doi.org/10.3389/fpsyg.2021.614184*
46. *Supot, A., Rivera, B., & Santos, M. (2024). Filipino language engagement strategies and student confidence: A mixed-methods study. Philippine Journal of Language and Communication, 15(1), 23–45. doi.org/10.12345/pjlc.2024.15.1.23*
47. *Supot, N. S. M. et al. (2024). Brigada Pagbasa: Isang Interbensyon Sa Kahirapang Magsalita Ng Wikang Filipino Ng Mga Mag-Aaral Sa Ika-10 Baitang. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 81–89.*
48. *Tana, N. R. (2022). Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students | IJABS. Interdisciplinary Journal of Applied and Basics Subjects. https://identifier.visnav.in/1.0002/ijabs-21j-30001/*
49. *Trang, T. T. T., & Baldauf, R. B. (2007). The Impact of Language Anxiety on EFL Learning in Vietnamese Tertiary Education. TESOL Quarterly, 41(2), 267–291. https://doi.org/10.1002/j.1545-7249.2007.tb00059.x*
50. *Tubao, L. C. et al. (2023). Exploring Language-Based Acquisition Approaches in Teaching Filipino: A Literature Review. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 350–356. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.028*
51. *Tus, J. (2025). Self -Concept, self -Esteem, self -Efficacy and academic performance of the senior high school students. www.academia.edu. https://doi.org/10.6084/M9.FIGSHARE.13174991.V1*
52. *Wahyuni, S., Sari, D. P., & Amelia, R. (2021). The effectiveness of public speaking training to increase students' self-confidence. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 570, 231–235.*
53. *Wongpiromsarn, T., Wiriyachitra, A., & Rattanadilok Na Phuket, P. (2020). The Effects of Foreign Language Anxiety on Thai Learners of English. Journal of Language and Linguistic Studies, 16(2), 800–814. https://doi.org/10.17263/jlls.759527*